20. Ama, gabayan, bigyang kaaliwan, at magdulot Ka nawa ng pag-asa para sa mga umalis sa kanilang tahanan sa panahon ng digmaan sa Ethiopia ngunit nahihirapang makabalik ngayon sa kanilang tahanan. Nawa ay magkaroon sila ng matatag at mapayapang buhay. (John 16:33)

21. O Diyos, palakasin Mo nawa ang mga mahihirap na mga kababaihan sa mga liblib na lugar ng Bujumbura, Burundi, na walang pagod sa pagtatrabaho para masuportahan ang kanilang mga anak at mga matatandang mga magulang. (Isa. 40:29-31)

22. Panginoon, dalangin namin ang mga kalalakihan na walang trabaho sa Zimbabwe ay makahanap ng mga trabaho upang matustusan nila ang kanilang mga pamilya. (Ps. 23:1)

23. Ama, dalangin namin ang mga balo at mga ulila sa Tanzania. Pagkalooban Mo po nawa sila ng paraan na matanggap nila ang mga ari-ariang nararapat na mana nila. (Ps. 146:9)

24. Panginoon, palakasin Mo nawa ang mga buhay pananalangin ng mga kababaihan sa South Africa; turuan Mo nawa sila kung paano makipag-ugnayan sa Iyo at manalangin ng ayon sa Iyong kalooban. (Ps. 25:8-9)

25. Sa paglapit ng mga kababaihan sa Malawi sa Iyo, Ama, katagpuin Mo nawa ang kanilang mga pangangailangan at masumpungan nawa nila ang kapayapaan, pag-ibig, at pag-asa sa Iyo. (Rom. 12:12)

26. Panginoon, dalangin namin ang mga pagbabago sa kultura at pag-iisip at nawa ay matigil ang mga nakasasamang mga tradisyon na dahilan para ang mga batang babae at mga kababaihan sa Kenya ay lubos na magkaroon ng edukasyon, pagsasanay at magandang trabaho. (Jer. 24:7)

27. Purihin ang Diyos para sa pondo at pagsasaayos ng maraming mga paaralan na nasira sa digmaan sa hilagang Ethiopia. Nawa ay magkaroon din suplay para sa mga kakailanganin sa pag-aaral. (James 1:17)

28. Hipuin Mo nawa ang mga puso ng mga lalaking inabandona ang kanilang mga asawa sa Burundi, Panginoon. Magdulot K mga a nawa ng pag-ibig at pagsasaayos sa mga pamilyang ito. (Ps. 27:10)

29. Ama, mawakasan nawa ang mga karahasan sa mga paaralan sa Zimbabwe, at ang mga lider nawa ng bansa ay magkaroon ng kakayahan sa pagtulong at pagresolba sa mga gulo sa paraang mapayapa. (Ezek. 45:9)

30. O Diyos, tulungan Mo kami na yakapin ang kapakumbabaan at pagpapahalaga sa iba ng higit sa aming mga sarili. Mawala nawa sa amin ang pagiging makasarili at ang kayabangan at mayakap namin ang Iyong mga pamamaraan. (Col. 3:12)

31. Panginoon, nakikiisa kami sa mga tao sa Ethiopia sa pagpupuri sa Iyo para sa tubig at kuryente dulot ng Grand Ethiopian Renaissance Dam, na lubos na nakatulong sa matagal ng panahon ng pagiging salat ng Ethiopia sa ikabubuhay at mahabang taggutom. (Isa.12:3)


후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다


# Women of Hope
## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 7.**

**Panalangin para sa mga Africanong Kababaihan 1**

Ano ang mga pangunahin para sa iyo ngayon? Kailangan nating lumingon upang makita natin kung tayo ba ay nakatuon sa Diyos sa anumang sitwasyon. Kung ang kaisipan ng Diyos ay iba sa ating kaisipan, kailangan nating manalangin at piliin ang kaisipan ng Diyos. Ito ang pagsunod. Ang buhay na ipinakita ni Jesus nang Siya ay dumating dito sa lupa ay ang pagsunod sa kalooban ng Diyos Ama.


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

## Nawa'y ipanalangin po natin…

1. Ama, dalangin namin na ang edukasyon para sa mga babae ay maging pangunahin sa Tsholotsho, Zimbabwe, at nawa ay hindi sila mag-asawa ng maaga. (Prov. 9:9)

2. Panginoon, magkaloob Ka nawa ng mga audio Bible para sa mga kababaihan sa Maasi sa Tanzania na hindi makapagbasa ngunit mahal nila ang Iyong Salita. (Ps. 119:11)

3. Ama, gamitin Mo nawa ang ministeryo ng TWR Women of Hope sa South Aftica na mailapit ang mga tao sa Iyo at makapagbago sa kanilang mga komunidad. Bigyan Mo nawa ang mga lider ng pamahalaan ng karunungan sa kanilang araw-araw na paggawa ng mga desisyon para sa bansang ito. (2 Cor. 5:17)

4. Nasa Iyo ang tunay na Kalayaan, o Diyos. Nawa ang mga napahihirapan ng adiksyon sa Malawi ay masumpungan ang Kalayaan sa Iyo. (John 8:36)

5. Nawa ay maipasa ng gobyerno sa Kenya ang panukalang batas na magkakaloob ng mga libreng pambabaeng produktong pangkalinisan. Maraming mga babae ang lumiliban ng 24 na mga Linggo sa loob ng 144 na mga Linggong may pasok sa panahon ng kanilang regla dahil sa kawalan ng sanitary napkin. (Phil. 2:4)

6. Pinupuri Ka namin, Panginoon, para sa mga programa ng Women of Hope sa Ethiopia. Ang Salita ng Diyos na naibabahagi sa programa ay nakapagdulot ng kaligtasan at paglago sa mga buhay ng mga mananampalataya. (Heb. 4:12)

7. Sa gitna ng labis na pagtaas ng presyo ng mga pagkain sa Burundi, ang mga pamilyang maliit ang kinikita ay salat sa pera para makabili ng pagkain. O Diyos, punan Mo po nawa ang kanilang araw-araw na pangangailangan upang hindi magutom ang mga pamilyang ito. (Ps. 14:6)

8. Ama, nawa sa Iyo lang manangan ang mga tao sa Zimbabwe kaysa sa mga bulaang propeta at maling mga doktrina. (1 John 4:1-3)

9. Dalangin namin ang pagsisimula ng Gawain sa Setyembre sa Pemba Island, Zanzibar. Panginoon, magkaloob Ka po nawa ng istasyon ng radio na magsasahimpapawid ng mga programa ng Women of Hope sa lugar na iyon. (Rom. 10:17)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. O Diyos, dalangin namin na bigyang kaaliwan Mo nawa ang mga kababaihan sa South Africa na mga nagluluksa at nawalan ng mahal sa buhay dahil sa mga gang at karahasan sa droga, mga sakuna sa kalsada at mga kalamidad. (Ps. 23:4)

11. Panginoon, dalangin namin ang katatagan sa ekonomiya para sa mga nakatira sa Malawi. Punan Mo po nawa ang kanilang mga pangangailangan. (Phil. 4:19)

12. Ama, dalangin namin ang mga batang babae sa Kenya. Nawa ay malayo sila sa pagiging agresibo sa sex at hindi sila mag-asawa ng maaga. Ang maagang pagbubuntis nila ang pipigil sa kanilang pag-aaral at makakapekto sa kanilang kalusugan sa hinaharap at sa kanilang mga magiging sumpling. (Eph. 5:1-3)

13. Panginoon naming Tagapagkaloob, bigyan mo nawa ng karunungan ang mga tagapanguna ng TWR Women of Hope at ang mga donor na nakatira sa Ethiopia upang mapunuan ang mga kailangan sa kasalukuyang gawain para sa mga kababaihan doon. (Rom. 8:32)

14. Magdulot Ka nawa ng kagalingan, O Diyos, sa mga bata na may mga kapansanan sa Burundi. Nauubos ang kanilang pananalapi para sa mga medical na gastusin at wala nang naiiwan para sa iba pang mga pangangailangan. (Jer. 17:14)

15. Ama, dalangin namin ang mga sumisira sa mga ari-arian at mga nagnanakaw ng mga kable ng kuryente sa Zimbabwe. Nawa ay huwag na nilang gawin ang kanilang masamang gawain at nawa ay lumapit sila sa Iyo. (Eph. 4:28)

16. O Diyos, pagkalooban mo nawa ng pagkain, damit at mga radio ang mga kababaihan sa mga refugee camp sa Tanzania upang mapakinggan nila ang mga programa ng Women of Hope. (Lev. 23:22)

17. Ama, bigyan Mo nawa ng karunungan ang aming mga tagapanguna upang matuklasan ang iba pang paraan ng paggamit ng mga maliit na small solar-powered na kasangkapan upang mapakinggan at maibahagi ang mga programa ng Women of Hope Xhosa sa Eastern Cape ng South Africa. (James 1:5)

18. Pinupuri Ka namin, Panginoon, dahil binibigyang Mo ng kaaliwan ang mga nananangis at nagluluksa sa Malawi. (Matt. 5:4)

19. Ama, hinihiling po namin na pagkalooban Mo ng ulan ang lugar ng Kenya. Ang kasalukuyang tagtuyot ang dahilan kaya walang makain at mainom ang marami doon. (Isa. 44:3-4)